



PAYO MULA SA MEDIA

ILALABAS KAAGAD: Ika-13 ng Pebrero, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Nagdaraos ang Air District ng pulong sa komunidad upang bumuo ng isang plano sa pagsubaybay sa hangin para sa Richmond-San Pablo

SAN FRANCISCO – Magdaraos ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ng isang pulong sa komunidad sa Sabado, ika-16 ng Pebrero, mula 10 a.m. – 1:30 p.m., sa City of Richmond Recreation Complex na matatagpuan sa 3230 Macdonald Avenue sa Richmond, upang bumuo ng isang plano sa pagsubaybay sa hangin para sa nakapalibot na komunidad.

Magbibigay ang pulong sa komunidad ng pagkakataon para sa mga residente na matuto, magtanong at magbahagi ng impormasyon tungkol sa matagal na at labis-labis na mga epekto ng pagpaparumi sa hangin. Magbibigay sa pulong ng tanghalian at kaunting pamatid-uhaw, kasama ng pag-aalaga sa mga batang 3 taon at mas matanda.

Sa ilalim ng Programang Pangangalaga ng Kalusugan sa Komunidad ng Air District, napili ang lugar ng Richmond-San Pablo bilang isang prayoridad na komunidad dahil sa mataas nitong naiipon na pasanin na pagkakalantad sa pagpaparumi sa hangin. Alinsunod sa Panukalang-batas ng Asembleya 617 ng California (California Assembly Bill 617, AB 617), inatasan ng estado ang mga lokal na air district na makipagtulungan sa lubhang mga apektadong komunidad sa mga programa ng pagbabawas ng emisyon at/o mga kampanya ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin.

Bubuo ang AB 617 ng proseso ng pagpapalano na nakatuon sa komunidad, pagbuo ng karagdagang pagsubaybay sa hangin sa komunidad at pagpopondo ng insentibo na naka-target para ipatupad ang mas malinis na mga teknolohiya. Kabilang din sa AB 617 ang mga bagong kinakailangan para pabilisin ang mga pagpapatibay ng mga pagkontrol sa pagpaparumi sa hangin sa mas lumang

Pahina 1 ng 2

kagamitang pang-industriya, dagdagan ang mga bayad na multa para sa industriya at magbigay ng mas magandang pagiging patas at pagkakaroon ng datos tungkol sa mga emisyon.

Petsa at Oras:

Sabado, ika-16 ng Pebrero, 2019

10:00 a.m. - 1:30 p.m.

Lokasyon:

City of Richmond Recreation Complex

3230 Macdonald Ave. Richmond, CA 94804

Mangyaring sumagot:

Mangyaring bisitahin ang [webpage ng kaganapan](#) o <https://www.eventbrite.com/e/richmond-san-pablo-community-summit-tickets-54619447237> upang sumagot at malaman ang marami pa.

Para sa karagdagang impormasyon mangyaring makipag-ugnayan kay Kristen Law, Tanggapan ng Pakikilahok sa Komunidad sa pamamagitan ng e-mail sa klaw@baaqmd.gov o sa pamamagitan ng pagtawag sa 415.749.4653.

Dinisenyo ang pulong sa komunidad sa pagkonsulta sa isang grupo ng mga apektado sa komunidad kasama ang Community Housing Development Corporation, Groundwork Richmond, Healthy Richmond, Hilltop District Neighborhood Council/Sierra Club, No Coal in Richmond, NAACP Richmond, RYSE, Santa Fe Neighborhood Council, Sunflower Alliance, West County First 5 at ang West County Toxics Coalition.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan

375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105

[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)

Pahina 2 ng 2